

## **Ang Pagpoprotekta sa Pagreretiro at Mga Benipisyong Pangkalusugan Pagkatapos Mawalan ng Trabaho**

Ang pagkawala ng trabaho o ang pagbabawas ng oras ay maaaring magbunga ng pagkawala ng mga benepisyo sa pagreretiro at kalusugan. Gayunpaman, ang pederal na batas ay maaaring makatulong na proteksyunan ang benepisyo ng mga manggagawa (at ng kanilang mga pamilya) kung sakaling may pagbabago ng trabaho. Ang mga pagpipilian ng coverage ay depende sa iba't bang dahilan, kaya mabuting tingnan muna ang mga iba't-ibang opsyon bago pumili.

### **Maaari Kang Mag-Enroll sa Isa Pang Plano para sa Kalusugan na Naka-ayon sa Trabaho**

Kung dahil sa paglipat ng trabaho mawawalan ka ng karapatan sa iyong health care coverage, ngunit mayroong iba pang health coverage (halimbawa, sa pamamagitan ng health care coverage ng asawa sa trabaho), pag-isipang mag-enroll sa health care coverage na iyon sa pamamagitan ng "special enrollment." Sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA), pinapayagan ng special enrollment na mag-enroll ka at ang iyong pamilya sa isang health care coverage na dati ay hindi kayo pwede. Para maging kwalipikado, maaari kang humiling ng special enrollment sa loob ng 30 araw mula sa pagkawalang bisa ng iyong orihinal na coverage. Ang iyong coverage ay dapat na epektibo nang hindi lalampas sa unang araw ng unang buwan kasunod ng iyong kahilingan na mag-enroll.

Kung ikaw ay mag-reenroll sa health plan coverage na pinagkaloob ng iyong pinagtatrabahuhan batay sa trabaho (tulad ng special enrollment sa plano ng asawa), hindi maaaring tanggihan ng mga grupo ng health plan at ng mga insurers ang paggamot sa mga kalagayan na may preexisting kondisyon.

### **Maaari Mong Ipagpatuloy ang Dati Mong Health Plan**

Ang Consolidated Omnibus Budget Reconciliation Act (COBRA) ay maaaring makatulong sa mga dating empleyado at kanilang pamilya na pansamantalang magpatuloy sa kanilang health care coverage. Magiging karapat-dapat ka sa coverage ng COBRA kung:

- Ikaw ay pinahinto sa trabaho, nagbitaw sa iyong trabaho, o nagretiro, o nabawasan ang iyong oras
- Ikaw ay hindi tinanggal dahil sa hindi mabuting pag-uugali;
- Ang iyong amo ay mayroong 20 o higit pang mga empleyado;
- Ikaw ay kasali sa grupo ng health plan ng iyong pinagtatrabahuhan; at
- Ang iyong pinagtatrabahuhan ay patuloy na nagpapanatili ng isang health plan.

Kapag natapos ang iyong trabaho, dapat bigyan ka ng iyong health plan ng notice na nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan sa ilalim ng COBRA. Mayroon kang 60 araw mula sa petsa ng pagbibigay ng notice o mula sa petsa ng araw ng pagtatapos ng coverage - alinman ang mas huli - upang makapag-enroll sa COBRA coverage. Magsisimula ito sa araw ng pagtatapos ng iyong health care coverage at tumatagal ng hanggang 18 buwan (minsan mas mahaba sa ibang mga pagkakataon). Gayunpaman, maaaring kakailanganin ng health care plan na bayaran ang premium ng kabuuang singil ng grupo, kasama ang 2 porsyento na bayarin sa pangangasiwa.

Kung hindi sinasadya ang pagtapos ng iyong trabaho o ang pagbawas ng oras at pinili mo ang COBRA, maaari kang makatanggap ng 100 porsyento na subsidy ng iyong premium ng COBRA. Ang subsidy ay makukuha para sa mga panahon ng coverage mula Abril 1, 2021 hanggang Setyembre 30,

2021 sa ilalim ng American Rescue Plan Act. Matatapos ang subsidy nang mas maaga kung maging karapat-dapat ka para sa iba pang health care coverage (tulad ng health care coverage ng asawa, health care coverage ng isang bagong pinagtatrabahuhan, o Medicare) o maabot ang katapusan ng pinakamahabang panahon ng COBRA coverage. Kung hindi mo pinili ang COBRA noong una itong inalok o pinili mo ang COBRA pero iniwan ito, may bago kang pagkakataon kung ang panahon ng iyong COBRA coverage ay hindi pa nag-expire. Ang iyong health care plan ay dapat magbigay sa iyo ng notice ng iyong mga karapatan sa bagong panahong pinili at sa subsidy. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COBRA, umorder ng libreng kopya ng *An Employee's Guide to Health Benefits under COBRA* gamit ang link o numero ng telepono sa ibaba). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa subsidy, pumunta sa <https://www.dol.gov/COBRA-subsidy> o tumawag sa 1-866-444-3272 para makausap ang isa sa mga Benefits Advisors.

## Maaari Kang Magpatala sa Indibidwal na Coverage

Ang isa pang opsyon ay ang pagbili ng indibidwal na insurance coverage sa Health Insurance Marketplace. Pinahihintulutan ng Marketplace na makita mo sa isang lugar ang mga opsyon ng health plan na magagamit mo. Maaaring karapat-dapat ka sa isang tax credit na magpapababa ng iyong buwanang premium. Simula Abril 1, 2021, itinaas ng American Rescue Plan Act ang pagiging karapat-dapat sa tax credit na nagpapababa ng mga premium para sa Marketplace coverage. Maaari mong makita kung ano ang magiging halaga ng iyong premium, mga babayaran, at mga karagdagang gastusin bago ka magdesisyon na mag-enroll. Maaari ka ring maging karapat-dapat sa isang espesyal na pagkakataon sa pag-enroll sa Marketplace coverage. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov).

## Pagpoprotekta sa Iyong Mga Pag-aari sa Pagreretiro

Kung ikaw ay nawalan ng trabaho, tanungin mo ang iyong Plan Administrator para sa isang kopya ng Summary Plan Description (SPD) at ng individual benefit statement. Ang SPD ay naglalahad kung ano ang mga benepisyong nakapaloob sa plano, kung kailan maaaring kolektahin ang mga ito, at kung mayroon kang isang 401(k) account, pinapayagan ka ba ng iyong plano na ilipat ito sa plano ng bagong mong pinagtatrabahuhan o sa isang IRA. Makikita mo at masusubaybayan ang balanse ng iyong account sa individual benefit statement. Itago ito kasama ng iyong mahahalagang papeles. At saka, ang individual benefit statement ay ibinibigay ng pana-panahon upang matiyak na masabihan mo ang Plan Administrator sa anumang pagbabago ng iyong tirahan. (Para sa karagdagang impormasyon sa pagpoprotekta sa iyong benepisyo sa pagretiro, umorder ng libreng kopya ng *What You Should Know about your Retirement Plan* gamit ang link o ang numero ng telepono sa ibaba.)

## Alamin Ang Mga Katotohanan NGAYON

Tawagan ang EBSA kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong karapatan at responsibilidad sa ilalim ng HIPAA, COBRA, ang Affordable Care Act, at Employee Retirement Income Security Act.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa segurong pangkalusugan na magagamit, bisitahin ang [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov).



**EMPLOYEE BENEFITS SECURITY ADMINISTRATION**  
U.S. DEPARTMENT OF LABOR

Para mag-order ng mga publikasyon, o humuling ng mga materyales na magagamit pati ng mga may kapansanan, tawagan ang numero na nakalista sa ibaba at magtanong sa mga Benefits Advisors.



**Pangunahing site:**  
<https://www.dol.gov/agencies/ebsa>  
**Tanungin ang EBSA:** <https://www.askebsa.dol.gov>



**Libre: 1-866-444-3272**  
**TTY: 202-501-3911**